Lahat ng 5 taong gulang pataas ay maaring makakuha ng LIBRENG BAKUNA SA COVID-19 ngayon!

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas at mabisa.
Ang mga bakuna sa COVID-19 ay makakatulong sa atin upang makabalik sa ating mga buhay. Nahihigitan ng mga benepisyo ng pagpapabakuna ang mga peligrong dulot ng pagkahawa sa virus. Karamihan sa mga tao ay nakakakuha lamang ng banayad o katamtamang mga pangalawang epekto, tulad ng pamamaga ng braso. Ang mga bakuna ay napakabisa sa paghadlang sa matinding karamdaman, pagpapa-ospital, at pagkamatay mula sa COVID-19.

Upang makahanap ng klinika sa pagpapabakuna na malapit sa iyo, bisitahin ang vaccinefinder.org.
Maaari kang magparehistro ng iskedyul online o sa pamamagitan ng telepono. Ang ilang mga klinika sa pagbabakuna ay tatanggap ng mga walk-in o on-site na pagpaparehistro. **Ang mga iskedyul ay maaring mabilis na mapuno. Maaring ilang beses sumubok para makakuha ng iskedyul.**

- **Ang bakuna ay LIBRE para sa lahat.** HINDI kailangan na mayroon kang pasegurong pangkalusugan, na isa kang mamamayan o residente ng Estados Unidos, o na mayroon kang social security number. Hindi ibabahagi ng mga klinika sa pagbabakuna ang anumang impormasyon mo sa imigrasyon o sa tagapagpatupad ng batas.
- Kailangan mong magdala ng pagkakakilanlan kung saan nakasaad ang iyong pangalan (tulad ng photo ID, utility bill, o liham na nilagdaan ng ibang tao na nagpapatunay na ikaw ang sinasabi mong ikaw).
- Kung wala kang kompyuter o access sa Internet, makiusap sa taong pinagkakatiwalaan mo na tulungan kang magparehistro ng iskedyul.
- Maaari mong maagap na abisuhan ang klinika sa pagpapabakuna kung kakailanganin mo ng mga tulong (tulad ng tulong sa wika o wheelchair).

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa bakuna sa COVID-19, bisitahin ang coronavirus.utah.gov/vaccine o tumawag sa COVID-19 Hotline sa **1-800-456-7707**.